



**Mga pansamantalang rekomendasyon tungkol sa Mga  
Katangian ng Shelter sa biglaang pagkalat ng 2019 Novel  
Coronavirus Gobyerno ng Estados Unidos Repatriation  
Operation**

**1 Pebrero 2020**

**Background:**

Sa kalagayang lumalawak na ang biglaang paglitaw ng novel coronavirus mula sa Wuhan, inayos ng Pamahalaan ng Estados Unidos ang paglisan ng mga tauhan ng US sa mga apektadong lugar.

Dahil ang mga indibidwal na umaalis mula sa isang outbreak zone, ang pagsusuri sa kalusugan at pagsusuri sa risk ng pagkakalantad (exposure) ay kinakailangan upang matukoy ang pagkakaroon ng sakit o kasaysayan ng mga pagkakalantad na may mataas na peligro sa sandaling pumasok sa US. Sa pagpasok sa Estados Unidos, ang mga indibidwal na ito ay ilalagay sa ilalim ng isang quarantine order sa loob ng 14 araw pagkatapos ng kanilang huling potensyal na pagkakalantad sa virus upang magkaroon ng panahong matuklasan ang sakit at masubaybayan ang kanilang kalusugan. Ang mga indibidwal sa loob ng grupong ito ay magkakaroon ng iba't ibang antecedent exposure risks. Hindi sila dapat na magkakasama sa mga lugar ng pagtitipon, kung saan ang isang indibidwal na nagkakaroon ng sintomas ay maaaring makahawa sa natitirang mga evacuees.

**Mga kinakailangan sa Shelter:**

- 1) Ang mga magkahiwalay na tirahan na may magkahiwalay na mga banyo para sa bawat indibidwal o grupo ng pamilya ay ang siyang hinahangad na silungan.
  - a. Gamit sa paglilinis, halimbawa, ang mga trapong panglinis sa bahay, ay dapat ilagay sa mga shared na banyo.
  - b. Kung ang isang indibidwal na nakiki-bahagi sa isang banyo ay nagiging symptomatic, lahat ng iba pang nakiki-bahagi ay dapat ituring na PUI (Patient Under Investigation/Pasyenteng nasa Ilalim ng Imbestigasyon) kontaks hanggang sa ang indibidwal ay nasuri at nabigyan ng clearance.
- 2) Walang malapitang pagtitipon sa mga kainan o sosyalang

aktibidad. Ang pagkain ay dapat na maihatid sa mga indibidwal na tirahan.

- 3) Ang mga anunsyong overhead at group SMS ay dapat gamitin sa halip na pisikal na pagtitipon sa pagbabahagi ng impormasyon.
- 4) Ang mga tirahan ay dapat magkaroon ng supply ng mga maskara sa mukha para sa mga indibidwal na nagiging symptomatic.
- 5) Ang iba pang mga serbisyong pang suporta (halimbawa, labahan, refills ng iniresetang gamot, access sa telepono / wifi / komunikasyon) ay kailangang din ipagkaloob.
- 6) Ang basura ay dapat naka supot at iwanan lang sa labas ng pintuan ng bawat tirahan para sa routine pick up. Hindi kinakailangan ang espesyal na pag-aasikaso.
- 7) Ang mga naaangkop na kakayahan sa pagkontrol ng impeksyon para sa paunang pagsusuring klinikal ng mga indibidwal na nagkakasakit ay dapat paglaanan ng isang itinalagang silid na may isang pintuan na maaaring masarhan. Ang bawa't silid ay dapat na hiwalay sa mga tirahan pasilidad. Ang mga indibidwal na may sintomas ay dapat na masuri agad at, kung naaangkop ay maghintay ng paglipat, sa isang medikal na pasilidad, sa silid na pinatilihing sarado ang pintuan. Ang silid ay dapat may mga disposable facemasks para isuot ng may sakit na indibidwal sa buong pagsusuri at proseso ng transportasyon. Ang mga supply na panglinis kagaya ng disinfectant spray o pamunas, ay dapat na naka stock sa bawa't silid ng pagsusuri upang ipang linis at ipang disimpekta ng mga ibabaw ng mga kagamitan sa silid pagkatapos na ito ay bakantehin ng may sakit na indibidwal. Ang kasalukuyang gabay sa pangangalaga ng kalusugan ng CDC ay narito: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-nCoV/hcp/index.html>
- 8) Ang bawat tirahan, lahat ng mga common areas para sa mga kawani, at bawa't silid para sa pagsusuring klinikal ay dapat magkaroon ng mga supply ng mga pangpunas sa kamay na nakabase sa alkohol, ang mga lababo ay dapat ring may sabon, tubig at mga tuwalyang papel.
- 9) Ang mga supply ng PPE (Personal protective equipment) (mga disposable na pamprotekta sa mukha, N95 disposable respirators, mga disposable gowns at guwantes) ay dapat mapanatili sa bawa't lugar ng pagsusuring klinikal para magkaroon ng pagkakataon na matugunan at masuri ang mga taong nagkakasakit.
- 10) Ang sistema para sa pagsubaybay sa temperatura at sintomas ay dapat maglaan ng assessment in-place para sa mga indibidwal / grupong pamilya sa kanilang magkakahiwalay na tirahan.
- 11) Ang mga kalapit na medikal na pasilidad ay dapat magkaroon ng kakayahang pamahalaanan ang pagtatasa at paggamot ng mga taong may sakit (kasama ang normal na mga airborne infection isolation rooms).
- 12) Ang lokasyon ay dapat ligtas sa mga hindi awtorisadong pagpasok at ito ay dapat angkop sa pagpapatupad ng

kuwarantinas, kung maisabatas.

A handwritten signature in black ink, appearing to read "M Bell", with a long, sweeping flourish extending to the right.

Michael Bell, MD  
Deputy Director, Division of  
Healthcare Quality Promotion  
Centers for Disease Control and  
Prevention